5

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

# Sagutang Papel Sa Filipino

Kuwarter 2
Aralin
6

GOVERNMENT PROPERTY
NOT FOR SALE

**PILOT IMPLEMENTATION OF THE MATATAG K TO 10 CURRICULUM**

**Sagutang Papel sa**
**Kuwarter 2: Aralin 6**
**SY 2023-2024**

Ang kagamitang panturong ito ay eksklusibo sa mga gurong kalahok para paunang papapatupad o implementasyon ng MATATAG K - 10 na kurikulum sa taong panuruang 2023- 2024. Layunin nitong mailahad ang nilalaman ng kurikulum, pamantayan, at mga kasanayang dapat malinang sa mga aralin. Ang anomang walang pahintulot na pagpapalathala, pamamahagi, pagmomodipika, at paggamit ay mahigpit na ipinagbabawal at may karampatang legal na katumbas na aksiyon.

Ang mga nahiram na nilalaman na kasama sa materyales na ito ay pag-aari ng mga may karapatang-sipi. Ginawa ang lahat upang malaman ang pinagmulan at makahingi ng permiso na magamit ang mga ito mula sa nagmamay-ari ng karapatang-sipi. Ang mga tagapaglathala at pangkat ng tagabuo ay walang anomang karapatan sa pagmamay-ari para sa mga ito.

**Bumuo sa Pagsusulat**

**Manunulat**:
Andilaine R. Tajanlangit- (DepEd Valenzuela Malinta National High School)
**Tagasuri**:
Mercy B. Abuloc – (Philippine Normal University Mindanao)

**Mga Tagapamahala**
Philippine Normal University Research
Center for Teacher
Quality SiMERR National
Research Centre

Ang bawat pag-iingat ay ginawa upang masigurado ang katiyakan ng mga impormasyong nakapaloob sa materyales na ito. Para sa mga katanungan o fidbak, maaaring sumulat o tumawag sa Tanggapan ng Direktor ng *Bureau of Learning Resources* sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 and 8631-6922 o mag-email sa blr.od@deped.gov.ph.

**SAGUTANG PAPEL NG PAGKATUTO**

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Asignatura** | Filipino 5 | **Kuwarter** | Ikalawa |
| **Bilang ng Aralin** | 6 | **Petsa** | |
| **Pamagat ng Aralin/ Paksa** | **Pagkuha ng Dating Kaalaman** | | |
| **Pangalan:** | | **Baitang at Pangkat:** | |

I. **Bilang ng Gawain 1: AKTOR BA AKO? (5 minuto)**

II. **Mga Layunin:**
**A. Nagagamit ang mga bahagi ng panalita sa pagpapahayag.**
*1. Pokus ng Pandiwa (tagaganap/ aktor)*

III. **Mga Kailangang Materyales**
Lapis

IV. **Panuto**: Isulat sa patlang ang **TAMA** kung ang pandiwa sa pangungusap ay nasa pokus na tagaganap o aktor, at **MALI** naman kung hindi.

____________1. Iniluto ni Rachell ang isda.

____________2. Nag-igib si Eboy ng tubig.

____________3. Pinaglagyan ni Lorna ng mga halaman ang paso.

____________4. Nagtanim si Bebang ng mga buto.

____________5. Ipinagtimpla ng kape ni Enia si Lenoj.

**SAGUTANG PAPEL NG PAGKATUTO**

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Asignatura** | Filipino 5 | **Kuwarter** | Ikalawa |
| **Bilang ng Aralin** | 6 | **Petsa** | |
| **Pamagat ng Aralin/ Paksa** | Tekstong impormatibo | | |
| **Pangalan:** | | **Baitang at Pangkat:** | |

I. **Bilang ng Gawain 2: Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin (20 minuto)**

II. **Mga Layunin:**

A. Nagagamit ang angkop na diksiyon (kaangkupan ng salita/retorika at estilo) sa pagpapahayag ayon sa:

*1. tono at damdamin*

III. **Mga Kailangang Materyal**

sipi ng tulang Ang Aking Ama ni Andilaine R. Tajanlangit, lapis

IV. ***A. TARA-BASA:*** Pagpapabasa ng tulang **Ang Aking Ama** ni Andilaine R. Tajanlangit.

## Ang Aking Ama
## ni: Andilaine R. Tajanlangit

Ang aking ama ay talagang natatangi,
Para sa pamilya, siya ay nagsisikap nang maigi;
Itinutuwid ang aming mga pagkakamali,
Patas sa lahat at hindi nangungunsinti.

Mula pagkabata, akin pang naaalala,
Mga tagubilin at mga paalala;
Edukasyon lamang daw ang tangi niyang maipamamana,
Kaya naman ito'y aking isinapuso talaga.

Lumipas nga ang ilang mga taon,
Ako'y isang ganap na ama ngayon;
Ang aking ama ang nagsilbing inspirasyon
Upang makamit ang mga nilalayon.

**Gabay na mga tanong:**

1. Ano-anong katangian ng ama ang nabanggit sa tula?
_______________________________________________
2. Anong tono o damdamin ng tula?
_______________________________________________
3. Ilahad ang mga karanasan ng anak sa piling ng kanyang ama.
_______________________________________________
4. Ilarawan mo ang iyong sariling ama, at ihambing ito sa ama sa tula.
_______________________________________________
5. Paanong nakaaapekto ang ama sa kanyang anak?

**TALAS-SALITAan:** Hanapin ang kasingkahulugan ng mga salita na nasa *puzzle.* Pagkatapos ay gamitin ang mga ito sa pangungusap.

1. Nananahan
2. Napipintong
3. Punan
4. Itatala
5. Tumungo

| | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| I | S | U | S | U | L | A | T | P | N |
| N | Y | E | U | A | N | O | N | O | A |
| M | S | I | G | G | R | A | A | O | G |
| S | M | W | M | S | M | L | L | I | P |
| N | A | K | A | T | I | R | A | R | U |
| A | K | S | L | N | T | K | L | U | N |
| O | U | D | K | A | B | H | A | Y | T |
| I | H | G | M | B | A | G | P | T | A |
| L | A | G | Y | A | N | D | I | R | A |
| T | T | U | M | A | T | A | T | E | M |

**SAGUTANG PAPEL NG PAGKATUTO**

| **Asignatura** | Filipino 5 | **Kuwarter** | Ikalawa |
|---|---|---|---|
| **Bilang ng Aralin** | 6 | **Petsa** | |
| **Pamagat ng Aralin/ Paksa** | **Tekstong Informatibo** | | |
| **Pangalan:** | | **Baitang at Pangkat:** | |

I. **Bilang ng Gawain 3: KUWENTO-BASA (10 minuto)**

II. **Mga Layunin:**
   A. Nasasagutan ang pormularyo batay sa iba't ibang layon:
   • *form (ID Card)*

III. **Mga Kailangang Materyales**
   Sipi ng kuwentong Unang Araw sa Eskwela ni Andilaine R. tajanlangit

IV. **Panuto:** Basahin ang kuwentong pinamagatang **Unang Araw sa Eskwela** ni Andilaine R. Tajanlangit, pagkatapos ay sagutin ang mga tanong na kaugnay sa kuwento.

## Unang Araw sa Eskwela

Sa bayan ng Magsaysay Davao Del Sur nananahan ang mag-anak na Toribio. Nasasabik na ang mga bata sa napipintong pagbubukas ng klase.

Lunes, Hulyo 29, 2024 ang unang araw ng eskwela. Maagang gumising ang magkakapatid na Lady, Arlene at Jesusa. Nasa baitang 10 at panganay sa magkakapatid si Lady. Sumunod naman si Arlene na nasa baitang 7. Bunso naman sa magkakapatid si Jesusa na nasa baitang 5.

Kagabi pa lang ay inihanda na nila ang kanilang gagamitin para ngayong araw. Mula sa uniporme hanggang sa mga gamit sa eskwela. Tiniyak nilang wala silang makakalimutan. Maaga ring nagluto ng almusal ang kanilang inang si Aling Arsenia.

Pagkatapos makapag-almusal ay humalik na ang magkakapatid sa kanilang ina at nagpaalaam na upang pumasok sa paaralan. "Mag-iingat kayo mga anak, ugaliing uminom ng tubig sapagkat ayon sa PAG-ASA ang *Heat Index* ngayon ay nasa $40^o$." Ang paalala ng kanilang ina.

Inihatid nina Lady at Arlene si Jesusa sa Mababang Paaralan ng San Isidro. Habang naglalakad ay nagkukwentuhan ang magkakapatid. "Sa palagay ko, marami kaagad akong magiging kaibigan" pagbibida ni Arlene. Pagkatapos ay tumungo na sila sa kanilang paaralan. Parehas na nasa Mataas na Paaralang pambansa ng San Isidro sina Lady at Arlene.

Naging masaya ang unang araw ng magkakapatid. Ibinida nila sa kanilang mga magulang ang kanilang mga naging karanasan.

Nang sumunod na linggo ay nagkaroon ng pagkuha ng larawan para sa kanilang *ID* o pagkakakilanlan. Nanghingi ang kanilang gurong tagapayo ng mga impormasyong itatala sa kanilang *ID* tulad ng pangalan, baitang, paaralan, pangalan ng guro at pangalan ng magulang.

Matapos punan ang mga kinakailangang impormasyon ay ipinasa na nila ito sa kanilang gurong tagapayo.

Republika ng Pilipinas
Kagawaran ng Edukasyon
Rehiyon XI
Dibisyon ng Davao del Sur

ID No. 003

Pangalan: ______________________
Baitang: ______________________
Paaralan: ______________________
Guro: ______________________
Magulang: ______________________

**Gabay na tanong:**

1. Sino ang mga tauhan sa kwento? ______________________
2. Anong damdamin ang nangibabaw sa kuwento? ______________________
3. Bakit ganoon ang naging damdamin ng magkakapatid? ______________________
4. May pangyayari ba sa kuwentong may pagkakatulad sa iyong sariling karanasan? Patunayan. ______________________
5. Naniniwala ka rin bang mahalaga ang edukasyon? Pangatwiranan. ______________________

**B 1-2-3-4-5:** Pagsunod-sunorin ang mga pangyayaring naganap sa kuwento.

_____ Nagtala ng mga hinihinging impormasyon ang magkakapatid.

_____ Maagang gumising ang magkakapatid.

_____ Nagkukwentuhan ang magkakapatid patungong paaaralan.

_____ Kumain ng almusal ang magkakapatid.

_____ Nagbilin ang kanilang ina sa kahalagahan ng pag-inom ng tubig.

**SAGUTANG PAPEL NG PAGKATUTO**

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Asignatura** | Filipino 5 | **Kuwarter** | Ikalawa |
| **Bilang ng Aralin** | 6 | **Petsa** | |
| **Pamagat ng Aralin/ Paksa** | **Kaantasan ng Pang-uri** | | |
| **Pangalan:** | | **Baitang at Pangkat:** | |

I. **Bilang ng Gawain 4: TALA-PANG-URI (10 minuto)**

II. **Mga Layunin:**

A. Nagagamit ang mga bahagi ng panalita sa pagpapahayag.

*1. Kaantasan ng Pang-uri (pasukdol)*

III. **Mga Kailangang Materyal**

lapis

IV. **Panuto:** Mula sa mga makikita sa loob ng silid-aralan, magtala ng mga pang-uring pasukdol.

| **Mga halimbawa ng Pang-uring pasukdol na matatagpuan sa loob ng silid-aralan:** |
|---|
| |
| |
| |
| |
| |
| |
| |
| |
| |
| |

**SAGUTANG PAPEL NG PAGKATUTO**

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Asignatura** | Filipino 5 | **Kuwarter** | Ikalawa |
| **Bilang ng Aralin** | 6 | **Petsa** | |
| **Pamagat ng Aralin/ Paksa** | **Paglinang at Pagpapalalim** | | |
| **Pangalan:** | | **Baitang at Pangkat:** | |

I. **Bilang ng Gawain 5: Paglalapat at Pag-uugnay (10 minuto)**

II. **Mga Layunin:**

A. Nasusuri ang katotohanan at opinyon.

III. **Mga Kailangang Materyal**

Sipi ng kuwentong Unang Araw sa Eskwela ni Andilaine R. Tajanlangit

IV. **Panuto:** Ipabasang muli ang kuwentong Unang Araw sa Eskwela at itala ang mga pahayag na nagsasaad ng katotohanan o opinyon.

**Unang Araw sa Eskwela**

Sa bayan ng Magsaysay Davao Del Sur nananahan ang mag-anak na Toribio. Nasasabik na ang mga bata sa napipintong pagbubukas ng klase.

Lunes, Hulyo 29, 2024 ang unang araw ng eskwela. Maagang gumising ang magkakapatid na Lady, Arlene at Jesusa. Nasa baitang 10 at panganay sa magkakapatid si Lady. Sumunod naman si Arlene na nasa baitang 7. Bunso naman sa magkakapatid si Jesusa na nasa baitang 5.

Kagabi pa lang ay inihanda na nila ang kanilang gagamitin para ngayong araw. Mula sa uniporme hanggang sa mga gamit sa eskwela. Tiniyak nilang wala silang makakalimutan. Maaga ring nagluto ng almusal ang kanilang inang si Aling Arsenia.


Pagkatapos makapag-almusal ay humalik na ang magkakapatid sa kanilang ina at nagpaalaam na upang pumasok sa paaralan. "Mag-iingat kayo mga anak, ugaliing uminom ng tubig sapagkat ayon sa PAG-ASA ang *Heat Index* ngayon ay nasa $40^{o}$." Ang paalala ng kanilang ina.

Inihatid nina Lady at Arlene si Jesusa sa Mababang Paaralan ng San Isidro. Habang naglalakad ay nagkukwentuhan ang magkakapatid. "Sa palagay ko, marami kaagad akong magiging kaibigan" pagbibida ni Arlene. Pagkatapos ay tumungo na sila sa kanilang paaralan. Parehas na nasa Mataas na Paaralang pambansa ng San Isidro sina Lady at Arlene.

Naging masaya ang unang araw ng magkakapatid. Ibinida nila sa kanilang mga magulang ang kanilang mga naging karanasan.

Nang sumunod na linggo ay nagkaroon ng pagkuha ng larawan para sa kanilang *ID* o pagkakakilanlan. Nanghingi ang kanilang gurong tagapayo ng mga impormasyong itatala sa kanilang *ID* tulad ng pangalan, baitang, paaralan, pangalan ng guro at pangalan ng magulang.

Matapos punan ang mga kinakailangang impormasyon ay ipinasa na nila ito sa kanilang gurong tagapayo.


Republika ng Pilipinas
Kagawaran ng Edukasyon
Rehiyon XI
Dibisyon ng Davao del Sur

ID No. 003

Pangalan: ____________________
Baitang: ____________________
Paaralan: ____________________
Guro: ____________________
Magulang: ____________________

**Gabay na tanong:**

**1.** Itala ang mga pahayag na nagsasaad ng katotohanan at opinyon mula sa kuwentong binasa

______________________________________________

**SAGUTANG PAPEL NG PAGKATUTO**

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Asignatura** | Filipino 5 | **Kuwarter** | Ikalawa |
| **Bilang ng Aralin** | 6 | **Petsa** | |
| **Pamagat ng Aralin/ Paksa** | **Paglalahat** | | |
| **Pangalan:** | | **Baitang at Pangkat:** | |

I. **Bilang ng Gawain 6: ImPORMatibo (30 minuto)**

II. **Mga Layunin:**
   A. Nasusuri ang katotohanan at opinyon.
   B. Nagagamit ang mga bahagi ng panalita sa pagpapahayag.
   *1. Kaantasan ng Pang-uri (pasukdol)*

III. **Mga Kailangang Materyal:** lapis at papel

**IV. Panuto:** . Bumuo ng tekstong impormatibo na ginagamitan ng mga: pang-uring nasa kaantasan ng pasukdol

______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________

______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________

**B. Give Me Five:** Magtala ng tig-limang halimbawa ng pangungusap na nagpapahayag ng katotohanan at opinyon.

1.____________________________________________________________________
2.____________________________________________________________________
3.____________________________________________________________________
4.____________________________________________________________________
5. ___________________________________________________________________

**SAGUTANG PAPEL NG PAGKATUTO**

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Asignatura** | Filipino 5 | **Kuwarter** | Ikalawa |
| **Bilang ng Aralin** | 6 | **Petsa** | |
| **Pamagat ng Aralin/ Paksa** | **Pagtataya** | | |
| **Pangalan:** | | **Baitang at Pangkat:** | |

**I. Bilang ng Gawain 7: SURI-PANG-URI (10 minuto)**

**II. Mga Layunin:** A. Nagagamit ang mga bahagi ng panalita sa pagpapahayag.
*1. Kaantasan ng Pang-uri (pasukdol)*

**III. Mga Kailangang Materyal**
lapis

IV. **Panuto:** Ikahon ang pang-uring pasukdol na ginamit sa pangungusap.

1. Napakapino ng mga buhangin sa Boracay.

2. Napakabango ng hininga ng mga bagong silang na sanggol.

3. Pinakamataas na bundok sa Pilipinas ang Mt. Apo.

4. Sobrang tibay ng mga sapatos na gawang Marikina.

5. Pinakapaborito ko ang asignaturang Filipino.